Pebrero 25, 2026 Kautusang Tagapagpaganap
2026-02

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2026-02
KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA ILIPAT ANG KOMPREHENSIBONG PROGRAMA NG MGA SERBISYONG PANGKABATAAN NA NAKABATAY SA KOMUNIDAD MULA SA ILLINOIS DEPARTMENT OF HUMAN SERVICES PATUNGO SA ILLINOIS DEPARTMENT OF CHILDREN AND FAMILY SERVICES

SAPAGKAT, ang Komprehensibong Programa ng mga Serbisyong Pangkabataan na Nakabatay sa Komunidad *[Comprehensive Community-Based Youth Services Program, "CCBYS"]* ay kasalukuyang pinangangasiwaan ng Illinois Department of Human Services ("IDHS"); at,

SAPAGKAT, ang CCBYS ay naglilingkod sa mga kabataang may edad 11-17 taong gulang na nanganganib na masangkot sa mga sistema ng pangkagalingan ng bata *[child welfare]* at/o katarungang pangkabataan *[juvenile justice]* na may mga pinakapangunahing layunin na 1) preserbasyon, muling pagbubuklod, at/o pagpapatatag ng pamilya, at 2) prebensyon ng pagpasok ng mga kabataan sa mga sistema ng pangkagalingan ng bata at/o katarungang pangkabataan; at,

SAPAGKAT, ang CCBYS ay nag-aalok ng tuluy-tuloy na daloy ng mga serbisyo sa mga kabataang ito, at sa kanilang mga pamilya kung naaangkop, tulad ng interbensyon sa krisis, pagpapatatag ng pamilya, at pansamantalang mga emerhensiyang paglalagay *[emergency placement]* sa mga kaso ng alitan sa pamilya o kawalan ng tirahan; at,

SAPAGKAT, ang CCBYS ay kasalukuyang nagpopondo ng 28 grantee at 11 sub-recipient, sa buong estado, at taunang naglilingkod sa humigit-kumulang 6,500 kabataan; at,

SAPAGKAT, ang CCBYS ay gumagastos ng humigit-kumulang $40 milyon taun-taon at umaasa sa mga nakalaang posisyon na kasalukuyang nasa loob ng IDHS upang pamahalaan ang programa; at,

SAPAGKAT, ang pagtutok ng CCBYS sa prebensyon at paglihis ay likas na umaangkop sa lumalawak na portpolyo ng mga suportang nakabatay sa komunidad ng Illinois Department of Children and Family Services ("DCFS") na naglalayong patatagin ang mga pamilya at iwasan ang pagpasok sa pangangalaga ng Estado ng Illinois; at,

SAPAGKAT, ang paglilipat ng CCBYS mula sa IDHS patungo sa DCFS ay pag-iisahin ang magkakapatong na mga tungkulin sa paglilingkod sa kabataan sa loob ng ilang magkakaparehong ahensya ng tagapagbigay-serbisyo, babawasan ang dobleng gawaing administratibo sa pagitan ng IDHS at DCFS, at palalakasin ang koordinasyon sa mga inisyatibo ng DCFS sa ilalim ng Family First Prevention Services Act ("Family First"); at,

SAPAGKAT, ang pagsasama ng mga serbisyo para sa interbensyon sa krisis, pagpapatatag, at preserbasyon ng pamilya sa DCFS ay magbibigay-daan sa Estado na gamitin ang mga interbensyong nakabatay sa ebidensya na inaprubahan sa ilalim ng Family First (tulad ng

Motivational Interviewing), palawakin ang akses sa mga maagang suporta, at bumuo ng mas maayos na tuluy-tuloy na daloy ng pangangalaga; at,

SAPAGKAT, ang paglalagak ng CCBYS sa loob ng pangkagalingan ng bata na mga sistema ng datos ng DCFS ay magbibigay-daan sa mas matibay na pagsubaybay sa mga resulta para sa mga kabataang nalilihis mula sa mas malalim na pagkakasangkot sa sistema; at,

SAPAGKAT, ang paglilipat ng CCBYS mula sa IDHS patungo sa DCFS ay magpapabuti sa akses sa pangangalaga para sa mga kabataan, at magbibigay-daan sa mga kawani na maging mas mabilis tumugon sa mga pangangailangan ng mga residente ng Illinois; at,

SAPAGKAT, ang Artikulo V, Seksyon 11 ng Saligang Batas ng Illinois ay nagbibigay-kapangyarihan sa Gobernador na muling ayusin o muling italaga ang mga tungkulin sa mga ahensyang ehekutibo na direktang may pananagutan sa kanya sa pamamagitan ng kautusang tagapagpaganap; at,

SAPAGKAT, ang Seksyon 3.2 ng Executive Reorganization Implementation Act, 15 ILCS 15/3.2(1), ay nagsasaad na kabilang sa "Reorganisasyon" ang "paglilipat ng kabuuan o anumang bahagi ng anumang ahensya, o ng kabuuan o anumang bahagi ng mga tungkulin nito, sa hurisdiksyon at kontrol ng anumang ibang ahensya";

NGAYON, SAMAKATUWID, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa kapangyarihang ehekutibo na ipinagkaloob sa akin ng Artikulo V, Seksyon 11 ng Saligang Batas ng Illinois, ay nag-uutos ng mga sumusunod:

I. PAGLILIPAT NG MGA TUNGKULIN

Mula sa ika-1 ng Hulyo, 2026, o sa lalong madaling panahon pagkatapos nito kung kailan ito maisasakatuparan, ang lahat ng kapangyarihan, tungkulin, karapatan, at responsibilidad na may kaugnayan sa CCBYS ay ililipat mula sa IDHS patungo sa DCFS. Ang mga ayon-sa-batas na kapangyarihan, tungkulin, karapatan, at responsibilidad ng CCBYS ay nagmumula sa Children and Family Services Act (20 ILCS 505/17 at 17a) at Artikulo 3 ng Illinois Juvenile Court Act ng 1987 (705 ILCS 405/3 *et seq.*), gayundin ang mga regulasyong ipinatupad sa ilalim nito, kabilang, ngunit hindi limitado sa:

a. 89 Ill. Adm. Code § 310.10;
b. 89 Ill. Adm. Code § 334.

II. EPEKTO NG PAGLILIPAT

a. Ang mga kapangyarihan, tungkulin, karapatan, at responsibilidad na may kaugnayan sa CCBYS ay ililipat mula sa IDHS patungo sa DCFS at magkakaroon ng katulad na legal na epekto na tila isinagawa ng IDHS.

b. Ang mga titulo ng katungkulan at posisyon ng mga kawani ng IDHS na responsable sa gawaing may kaugnayan sa CCBYS ay ililipat sa DCFS. Ang katayuan at mga karapatan ng mga posisyong iyon at ng sinumang empleyadong inilipat alinsunod sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ay hindi maaapektuhan ng paglilipat.

c. Ang lahat ng mga aklat, rekord, papeles, dokumento, ari-arian (real at personal), at mga kontrata na nauukol sa mga kapangyarihan, tungkulin, karapatan, at responsibilidad na may kaugnayan sa CCBYS, kabilang ngunit hindi limitado sa mga materyal sa elektronikong pormat at kinakailangang computer hardware at software, ay ililipat mula sa IDHS patungo sa DCFS.

d. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay hindi makakaapekto sa legalidad ng anumang naturang mga tuntunin ng IDHS na nauukol sa CCBYS sa Illinois Administrative Code. Ang anumang mga tuntunin, regulasyon, at iba pang aksyon ng IDHS para sa CCBYS ay ipatutupad at magpapatuloy bilang mga tuntunin, regulasyon, at aksyon ng DCFS. Ang DCFS ay magsusulat, mag-aamyenda o magbabago ng anumang mga tuntunin, regulasyon, o iba pang mga aksyon, kung kinakailangan, upang maisakatuparan ang reorganisasyon.

e. Ang anumang kontraktwal, ayon-sa-batas o iba pang obligasyon ng DHS na may kaugnayan sa programang CCBYS ay ililipat at gagampanan ng DCFS. Aamyendahan o babaguhin ng DCFS ang anumang kontraktwal, ayon-sa-batas o iba pang obligasyon, kung kinakailangan, upang maisakatuparan ang reorganisasyon.

f. Aamyendahan o babaguhin ng DCFS ang anumang mga tuntunin, regulasyon, o iba pang aksyon, kung kinakailangan, patungkol sa anumang mga iminungkahing tuntunin na inihain ng IDHS sa Kalihim ng Estado na nakabinbin sa proseso ng paggawa ng tuntunin sa petsa ng pagkakabisa ng Kautusang Tagapagpaganap na ito at nauukol sa mga tungkuling inilipat upang maisakatuparan ang reorganisasyon.

g. Patatakbuhin ng IDHS ang CCBYS hanggang sa Taong Pananalapi (FY) 2026 kung ang CCBYS ay hindi maililipat sa DCFS nang mas maaga. Para sa FY27, isasama sa kahilingan sa badyet ng DCFS ang mga paglalaan ng pondo ng General Revenue para sa pagpapatakbo ng programang CCBYS. Ang kahilingan sa badyet ng IDHS para sa FY27 ay hindi magpapakita ng anumang paglalaan ng pondo ng General Revenue para sa pagpapatakbo ng programang CCBYS.

h. Ang bawat tao o entidad na may kontrata o gawad mula sa IDHS na may kaugnayan sa CCBYS ay patuloy na magkakaroon ng parehong mga karapatan, kapangyarihan, tungkulin, obligasyon at responsibilidad gaya ng nakasaad sa kontrata o gawad, kabilang ang anumang mga parusa, sibil o kriminal, na magmumula rito.

i. Tuwing ang mga ulat o notisya ay kailangan na ngayong gawin o ibigay o ang mga papeles o dokumento ay isumite o ihatid ng sinumang tao sa CCBYS kaugnay ng alinman sa mga tungkuling inilipat ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, ang mga iyon ay gagawin, ibibigay, isusumite, o ihahatid sa parehong paraan sa CCBYS bilang bahagi ng DCFS.

j. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay hindi makakaapekto sa anumang batas na ginawa, pinagtibay, o kinansela, o anumang karapatang umuusbong o naitatag, o anumang aksyon o paglilitis na isinagawa o sinimulan sa isang administratibo, sibil, o kriminal na usapin patungkol sa CCBYS bago magkabisa ang Kautusang Tagapagpaganap na ito; ang mga naturang aksyon o paglilitis ay maaaring ipagtanggol, usigin, at ipagpatuloy ng DCFS.

III. PANGLIGTAS NA SUGNAY

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay hindi sumasalungat at hindi dapat ipakahulugan na sumasalungat sa anumang mga kontrata, kasunduan, o mga kolektibong kasunduan sa pakikipagkasundo.

IV. MGA NAUNANG KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay humahalili sa anumang salungat na probisyon ng alinmang iba pang naunang Kautusang Tagapagpaganap.

V. PAGKAKAHIWALAY

Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay ipawalang-bisa ng anumang hukuman na may kaukulang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang iba pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito na maaaring bigyan ng bisa nang wala ang pinawalang-bisang probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idinedeklarang maaaring paghiwalayin.

VI. PAGHAHAIN AT PAGHAHATID

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay ihahain sa Kalihim ng Estado. Ang kopya ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay ihahatid sa Kalihim ng Senado at sa Klerk ng Kapulungan ng mga Kinatawan at, para sa layunin ng paghahanda ng pang-rebisang lehislasyon, sa Legislative Reference Bureau.

VII. PETSA NG PAGKAKABISA

Sa kondisyon na walang alinmang kapulungan ng Pangkalahatang Asembleya ang tumututol sa Kautusang Tagapagpaganap na ito sa pamamagitan ng rekord na boto ng mayorya ng mga miyembrong nahalal, ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa animnapung (60) araw matapos itong maihatid sa Pangkalahatang Asembleya.

_____

JB Pritzker
Gobernador

Inilabas ng Gobernador: Pebrero 25, 2026
Inihain sa Kalihim ng Estado: Pebrero 25, 2026